Newsletter para sa Dami ng Trabaho sa Paglilinis

Mga Update sa Pag-aaral ng Workload ng Janitor

Taglagas/Taglamig 2023

Balita ng Kawani sa Pananalaiksik

- Isa sa aming mga pinuno ng proyekto, Caroline Smith, ay lumipat sa pag-aaral ng Janitor at nangunguna sa bagong Work Equity Research Center (WERC) dito sa SHARP sa Department of Labor & Industries. Nilalayon ng WERC ang makipagtulungan sa mga komunidad para lumikha ng mga proyekto sa pananaliksik at bumuo ng mga solusyon sa pagpapabuti ng mga resultang nauugnay sa trabaho pra sa makasaysayan an kasalukuyang hindi nakakatanggapa ng serbisyo na mga manggagawa. Salamat sa lahat ng iyong pagsisikap, Caroline, nasasabik kaming makita ang ginagawa ng WERC! Pinangungunahan na ngayon ni Naomi Anderson ang Pag-aaral sa Workload ng Janitor.

Mga Update sa Aktibidad ng Pananaliksik

- Nabuo ang tool na calculator ng workload at nasa yugto ng pagsubok – mangyaring makipag-ugnayan sa amin kung isa kang partner ng komunidad (employer, propesyonal sa kaligtasan at kalusugan, o kinatawan ng paggawa) na gustong subukan ang calculator at bigyan kami ng feedback. Hinahanda naming ilagay ang calculator sa web para sa mas madaling pag-akses – ngunit matagal ang proseso na iyon. Patuloy ka naming abisuhan sa aming pag-usad. Inaasahan din naming palawakin ang calculator sa pamamagitan ng dagdag na koleksyon ng data on-site, mangyaring makipag-ugnayan sa amin kung gusto mong sumali.

- Regular naming pinag-aaralan ang mga claim sa kompensasyon ng mga manggagawang janitor para pumili ng ilan para sa mga panayam kung paano sila napinsala, para matutunan namin ang tungkol sa mga riyesgo sa trabaho at mas maintindihan kung paano maiwasan ang mga pinsalang ito. Mula sa ika-1 ng Hulyo, 2019, noong sinimulan namin ang bahgig ito ng pag-aaral sa workload ng janitor, hanggang ika-30 ng Setyembre, 2023 - nagkaroon ng 3,100 na mga claim sa industriya ng mga serisyong janitor (gaya ng tinukoy ng L&I risk classes[1]). Salamat sa lahat na nagbahagi ng kanilang kuwento!

[1] Kabilang dito ang mga manggagawa sa Risk Class: 6602-03 Mga serbisyo sa paglilinis ng Janitor, N.O.C.; at 6602-05 Mga Janitor, N.O.C.



- Ang mga janitor na nag-file ng claim sa ngayon ay karamihang mga kababaihan (57%), at nasa pagitan ng 25-44 taong gulang (45%) noong na-establish nilang ang kanilang mga claim.

- Sa 906 na mga claim na ito na ganap na seryosong uusad sa replacement ng sahod, ang pinaka-karaniwang uri ng pinsala ay: nauugnay sa trabaho na ma karamdamang musculoskeletal (26%), mga pagkadapa (22%), at 'iba pa' [2] (24%).

- Sa 1,786 na mga claim sa medikal lamang, ang pinaka-karaniwang mga uri ng pinsala ay: 'iba pa' (34%), tinamaan ng o nahuli sa/laban sa mga pinsala (24%), at mga pagkadapa (14%).

- Marami sa mga karaniwang aktibidad na nakikita natin sa mga claim ay kinabibilangan ng: pagbubuhat o paglilipat ng mga bag/lata/lalagyan ng basura; mga pinsala sa pagkadulas, pagkadupilas at pagkadapa – sa mga hagdan, basang sahig, sa ibabaw ng kasangkapan/kagamitan; at insidente ng sasakyang de-motor habang papunta/mula sa mga lugar ng trabaho.

- Bagama't hindi isa sa mga pinakakaraniwang pinsala, isang uri ng pinsala na palagi naming nakikita ay ang needlesticks - madalas itong nangyayari kapag humahawak ang mga janitor ng mga basura/supot ng basura.

    - Karamihang (68%) needlestick injuries ay nagsaangkot sa daliri.

    - Tingnan pinakabago naming tip sheet para sa mga ideya kung paano abangan ang mga nakatagong panganib na ito.

    - Sa kabutihang palad, bagama't maaari silang maging nakakatakot na pinsala, para sa 102 na mga claim na kinasasangkutan ng mga needlestick sa panahong ito, walang nagresulta sa paghahatid ng sakit.

---

[2] *Ang mga uri ng pinsala ay malalawak na kategorya na kinabibilangan ng maraming indibidwal na code na pinagsama-sama para sa pagsusuri; ang iba' pa ay kasama ang maraming uri ng pinsala na hindi naka-code sa kahit saan; para sa karagdagang impormasyon sa mga ginamit sa paggrupo, mangyaring makipag-ugnayan sa amin. Naka-code ang mga claim gamit ang mga code ng Occupational Injury and Illness Classification (OIICS), v.1.01 (2007).*

- Kung nakakuha ka ng pinsala sa karayom sa trabaho – humingi kaagad ng pangangalagang medikal at sabihin sa kanila na nangyari ito sa trabaho; maaari mong punan o ng iyong doktor ang isang claim sa kompensasyon ng mga manggagawa; at sabihin sa iyong employer.